GSMA

Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills



Copyright © 2024 GSM Association

GSMA

Ang GSMA ay isang pandaigdigang organisasyon na pinagbubuklod ang mga kompanya sa mobile ecosystem upang sama-samang makalikha at makapaghatid ng mga inobasyong nakatutulong sa pag-unlad ng negosyo at lipunan. Ang aming bisyon ay ganap na mapakinabangan ang buong lakas ng connectivity para sa ikauunlad ng mga tao, industriya, at lipunan. Kinakatawan ang mga mobile operator at iba't ibang organisasyon mula sa buong mobile ecosystem at mga kaugnay na industriya, nagseserbisyo ang GSMA sa mga miyembro sa pamamagitan ng tatlong pangunahing mga haligi: Connectivity para sa Kabutihan, Mga Serbisyo at Solusyong Pang-industriya, at Outreach. Kabilang sa gawaing ito ang pagsusulong ng mga polisiya, ang pagtalakay ng iba't ibang isyung panlipunan ngayon, pagpapalakas ng teknolohiya at interoperability na nagpapagana sa mobile, gayundin ang pagbibigay ng pinakamalaking platform sa mundo para tipunin ang mobile ecosystem at mga kaganapan ng MWC at M360 series.

Inaanyayahan ka naming alamin ang iba pa sa www.gsma.com

I-follow ang GSMA sa Twitter/X: @GSMA

GSMA Connected Society

Ang programang Connected Society ay nakikipagtulungan sa industriya ng mobile, mga kompanyang panteknolohiya, sektor ng kaunlarang pangkomunidad, at mga pamahalaan upang mapalawak ang akses at paggamit ng mobile internet, na nakatuon sa mga populasyong kulang sa serbisyo na nasa umuunlad na mga merkado. Kabilang sa pangunahing mga gawain ang:

- Pagbuo at pagpapalaganap ng mga kaalaman at aral tungkol sa saklaw at agwat sa paggamit ng mobile internet.
- Pagsuporta sa mga mobile operator para palawakin ang saklaw at isulong ang paggamit nito.
- Pagsasagawa ng adbokasiya at gawaing pampolisiya upang matiyak na ang mga pagsusumikap ng mga mobile operator na makamit ang mas malawakang digital inclusion ay epektibong sinusuportahan ng mga pamahalaan, ng pandaigdigang komunidad, at ng iba pang mga stakeholder.

Para sa higit pang impormasyon, bumibisita sa www.gsma.com/connected-society

O makipag-ugnayan sa amin gamit ang: connectedsociety@gsma.com

Introduksyon sa toolkit na ito

Bukod sa pagtawag, may higit pang gamit ang mga mobile phone. Sa paglipas ng panahon, ang mga mobile phone na ang pangunahing paraan ng mga tao sa buong mundo upang maka-access ng internet. Bagama't maraming benepisyo ang maibibigay ng internet sa isang gumagamit, kinakailangan nito ng tiyak na kaalaman at kasanayan upang magamit nang epektibo ang isang mobile phone. Nangangahulugan ito na ang mga taong kulang sa kasanayan at pag-unawa ay hindi makaa-access sa mga serbisyong makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang buhay.

Ano ang sinusubukang makamit ng toolkit na ito?

Ang toolkit na ito ay para sa mga mobile network operator (mga MNO), mga organisasyong hindi konektado sa gobyerno (mga NGO), mga organisasyon sa pagpapaunlad at mga gobyerno na gustong maghatid ng pagsasanay upang pagbutihin ang pangunahing kaalaman at pag-unawa ng mga tao sa mobile internet.

Ang tools at resources na ibinibigay ditoay magbibigay sa mga tagapagsanay ng mga kinakailangang kagamitan upang ipakita ang halaga at kakayahan ng internet sa mga mobile phone. Bilang resulta, ang mga trainee ay magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga gamit ng internet at mga pangunahing kasanayan na kinakailangan upang ma-access at magamit ito.

Naniniwala kami na hahantong ito sa pagtaas ng kamalayan at paggamit ng mga serbisyo na inaalok ng mobile internet na nakapagpapahusay ng buhay.

Ang pagsasanay na inilahad sa toolkit na ito ay nakatuon sa mga tao na may kaunti o walang kasanayan sa mobile internet. Nilalayon nitong turuan ang mga nagnanais na matuto sa kung ano ang mobile internet at kung paano makipag-ugnayan at mag-search online. Hindi naaangkop ang toolkit na ito para sa mga taong walang karanasan sa paggamit ng mga mobile phone, at hindi saklaw ang pangunahing mga function gaya ng pagtawag at pagpapadala ng SMS. Gayundin, hindi ito idinisenyo para sa mga may alam na sa mobile internet.

Ano ang 'How To Guide'?

Ang How To Guide ay dapat gamitin kasabay ng dokumentong ito, na magbibigay daan sa mga tagapagsanay saanmang bansa na bumuo at maghatid sa kanilang mga tagapakinig ng pagsasanay na akma sa konteksto ng pangunahing mga kasanayan sa mobile internet. Ang gabay na ito ay nagbibigay ng mga hakbang at rekomendasyon kung paano bumuo ng angkop at makabuluhang mga sesyon ng pagsasanay para sa kanilang mga target na audience.

Ang How To Guide ay naglalaman din ng maraming kapaki-pakinabang na mga halimbawa na maaaring gamitin bilang karagdagan sa mga impormasyon at mga tip mula sa toolkit na ito. Hinihikayat namin ang lahat ng gumagamit ng toolkit na ito na suriin at gamitin ang mga pinakamahalagang bahagi ng How To Guide upang magdagdag ng halaga sa kanilang mga sesyon ng pagsasanay.

Ano ang saklaw ng toolkit na ito?

Nagkakaloob sa toolkit na ito ang introduksyon sa paggamit ng mobile internet sa isang entry level na smartphone. Ito ay dinisenyo bilang isang paglalakbay na mas magdadala sa mga trainee mula sa pangunahing mga kasanayan sa komunikasyon hanggang sa mas komplikadong kasanayan tulad ng pag-set up ng kanilang mobile phone. Bagama't ang framework na ito ang gumagagabay sa kabuuang daloy ng toolkit na ito, idinisenyo ito upang kayang gawing mag-isa ang bawat sesyon ng pagsasanay. Ito ay nagbibigay-daan sa tagapagsanay na pumili kung aling mga sesyon ang gagamitin batay sa kung ano ang may kaugnayan sa kanilang target na audience.

Gumagamit kami ng WhatsApp, YouTube, Google Search, Wikipedia, Facebook, Mobile Money, Android, Mga Accessibility Feature at TikTok para ipakilala ang mga tao sa mobile internet. Nagbibigay din kami ng pangkalahatang introduksyon sa internet, mobile money at kung paano magagamit ng mga taong may mga kapansanan sa pandinig o paningin ang internet. Nagbibigay din kami ng introduksyon sa internet at tinatalakay din namin ang mga hakbang para sa ligtas na paggamit nito, pati na rin ang mga gastusin na kaugnay ng pag-access ng internet. Ito ay batay sa aming consumer research na nagpapakita na ang mga serbisyong ito ay may malaking kahalagahan sa maraming bansa.

Kung nais mong maging angkop ang toolkit na ito para sa magamit sa iyong bansa, maaari mong naising iangkop ang mga serbisyong ito batay sa kung ano ang makabuluhan sa iyong target audience. Maaaring kapakipakinabang ang kasamang toolkit kung ganito ang kalagayan.

Ang How To Guide ay naglalaman din ng maraming kapaki-pakinabang na mga halimbawa na maaaring gamitin bilang karagdagan sa mga impormasyon at mga tip mula sa toolkit na ito. Hinihikayat namin ang lahat ng gumagamit ng toolkit na ito na suriin at gamitin ang mga pinakamahalagang bahagi ng How To Guide upang magdagdag ng halaga sa kanilang mga sesyon ng pagsasanay.

Ano ang saklaw ng toolkit na ito?

Introduksyon sa internet

Maraming mga tao ang hindi alam kung ano ang mobile internet, kahit na narinig na nila ito. Naglaan kami ng ilang simpleng mga paliwanag para makatulong sa pagsagot sa ilan sa mga pinakakaraniwang mga tanong na mayroon ang mga tao tungkol sa internet.

WhatsApp

Ang WhatsApp ay isang sikat, pandaigdigang serbisyo ng messaging. Ang pagkakahawig ng WhatsApp sa SMS ay nangangahulugan na ang messaging functionality nito ay isang bagay na may iilang mga tao na ang pamilyar na rito. Ang paggamit ng WhatsApp bilang isang entry point ay nagpapahintulot sa mga tagapagsanay na magsimula mula sa kung ano na ang alam ng mga tao, habang ipinapakilala ang mga benepisyo ng komunikasyon gamit ang internet at ang mga kasanayan na kinakailangan para rito.

YouTube

Nagbibigay-daan ang YouTube sa mga trainee na matuklasan ang nilalaman ng internet sa isang simple, nakaeengganyo at medyo naka-enclose na online na environment. Pinapahintulutan din nito ang mga tagapagsanay na gamitin ang pagnanais ng mga audience para sa audio-visual na content, habang ipinapakilala ang mga kasanayang kinakailangan upang magamit ang mobile internet.

Maaaring hindi magamit ang YouTube sa lahat ng lokasyon dahil sa mga isyu ng connectivity. Sa mga pagkakataong ito, inirerekomenda naming laktawan ang YouTube module o gumamit ng ibang audio/visual na aplikasyon na mas kaunti ang kinakailangang data para gumana (halimbawa, isang application para sa paghahanap ng imahe tulad ng Google Image Search).

Google Search

Binibigyan ng pagkakataon ng Google Search ang mga tao na hanapin ang content na makabuluhan at kapaki-pakinabang sa kanila sa internet. Binibigyang pagkakataon nito ang mga trainee na maranasan ang saklaw at lalim ng impormasyong maibibigay sa kanila ng internet. Binibigyang pagkakataon sila nito na sanayin ang kanilang mga kasanayan sa paghahanap at pag-navigate. Para sa mga tagapagsanay na ginabayan ang kanilang mga trainee sa YouTube module, nagbibigay ito ng pagkakataong palawakin pa ang mga kasanayang natutunan sa paggamit ng YouTube.

Wikipedia

Ang Wikipedia ay isang libreng website na nagbibigay ng tapat at totoong impormasyon tungkol sa mga paksang pang-edukasyon. Ipinapakita ng module na ito sa mga trainee ang halimbawa ng malawak na impormasyong maaaring makita sa internet, gamit ang isang website na kaunti lamang ang kinakailangang mobile data. Ipinapakilala rin nito sa kanila ang ideya na ang nilalaman sa internet ay kadalasang nililikha ng mga karaniwang tao mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Facebook

Ang Facebook ay isang social network na maaaring makipag-ugnayan ang mga tao sa mga business contact, makatanggap ng balita, makipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan, o sumubaybay sa mga kilalang tao at mga team sa sports. Ipinapakita ng module na ito ang iba't ibang gamit ng isang social network at ipinapaliwanag kung paano magkaroon ng account at magbahagi ng mga content.

Ano ang saklaw ng toolkit na ito?

Android

Maraming tao sa buong mundo ang gumagamit ng Android-enabled devices. Nagbibigay ang mga Android device ng access sa iba't ibang internet services para sa mga trainee. Pinalalawak ng module na ito ang mga naunang mga module sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mas advance na internet services na makikita sa mga Android device (halimbawa, Google Assistant), at nagbibigay ng mas malalim na kaalaman kung paano ma-set up ang kanilang device (halimbawa, paggawa ng Google account), kabilang na ang mga setting na makatutulong magtipid o magpanatili ng kaligtasan.

TikTok

Ang TikTok ay isang video sharing app na patuloy na sumisikat sa mga kabataan sa iba't ibang panig ng mundo. Ang module na ito ay pinapalawak ang ibang mga module (lalo na ang YouTube) upang makatulong na ipakita ang iba't ibang uri ng content na makikita sa TikTok at mga katulad nitong serbisyo. Tinuturuan nito ang mga trainee kung paano mas ligtas at abot-kayang gamitin ang TikTok. Ipinapakilala rin nito sa ilang trainee ang konsepto ng "algorithm" upang mas maunawaan nila ang dahilan kung bakit lumalabas ang iba't ibang uri ng video sa kanilang app.

Mobile Money

Nagbibigay ang Mobile Money sa mga user ng isa sa pangunahing mga paraan tungo sa financial inclusion. Ang module na ito ay nagbibigay sa mga trainee ng pangunahing kaalaman kung paano gamitin ang mobile money, kabilang na ang pag-unawa sa proseso ng pagpaparehistro, pagpapadala ng pera sa kaibigan o kapamilya, pagbabayad ng bill, at pag-unawa sa mga pangunahing aspeto ng kaligtasan. Maaaring ito lamang ang ituro na module o kasama ng natitirang bahagi ng MISTT.

Kaligtasan at Gastos

Saklaw sa bawat module ng WhatsApp, YouTube, Google, Wikipedia, at Facebook ang ligtas na paggamit ng internet at ang kaakibat na gastos sa paggamit ng mobile internet. Ayon sa aming pananaliksik, malaking alalahanin ang kaligtasan at gastos para sa mga gumagamit ng mobile internet, kaya't tinugunan namin ito sa bawat detalye ng mga module at sa mga maikling training session.

Mga Feature ng Accessibility

Humigit-kumulang 15% ng mga tao sa mundo ay mayroong ilang anyo ng kapansanan. Maaaring makaharap nila ang mga hadlang sa pag-access ng mga serbisyo gaya ng edukasyon at healthcare na hindi nararanasan ng iba. Gayon pa man, makatutulong ang mga mobile phone upang alisin ang ilan sa mga hadlang na ito at bigyan ang mga taong may kapansanan ng kakayahang gawin ang pang-araw-araw na mga bagay na mahirap nilang gawin. Ang module na ito ay nagbibigay ng mga payo para sa mga trainer na nais tumulong sa mga may kapansanan sa pandinig at paningin.

Ang diagram na ito ay nagbibigay ng isang visual na pangkalahatang-ideya ng pangunahing mga serbisyo, function, at kasanayan na tinalakay sa pagsasanay.

Mobile internet

WhatsApp

Magpadala at makatanggap ng one-to-one na mga mensahe

Lumikha at lumahok sa mga pangkat

YouTube

Maghanap ng mga video

Google

Maghanap at mag-navigate ng impormasyon

Wikipedia

Maghanap at mag-navigate ng libreng impormasyon

Facebook

Makipag-ugnayan sa mga kaibigan at pamilya

TikTok

Maghanap ng mga video

Android

Maghanap at mag-navigate ng impormasyon

Mobile Money

Mga serbisyong financial sa pamamagitan ng mobile

Kaligtasan

Matuto kung paano manatiling ligtas online

Accessibility

Matutong gamitin ang mga accessibility feature ng iyong mobile phone

Paano gamitin ang toolkit na ito?

Magagamit mo ang toolkit na ito sa iba't ibang paraan ayon sa dami ng oras na mayroon ka kasama ang mga trainee.



2-3 minuto

Para sa mga trainer na may dalawa hanggang tatlong minuto lang na kasama ang mga trainee, mayroong "bitesize" training na binubuo ng maiikling sesyon na tumatagal ng dalawa hanggang tatlong minuto. Tig-iisang paksa ang tinatalakay sa bawat sesyon. Maraming paksa ang maaaring pagpipilian: Introduksyon sa internet, WhatsApp, YouTube, Google, Wikipedia, Facebook, Mobile Money, Android, Ayoba, Mga Feature ng Accessibility, Kaligtasan sa Online at TikTok.

Maaaring gamitin ang maiikling mga sesyon bilang pagbabalik-tanaw para sa mga trainee na natapos na sa pagsasanay ngunit nais balikan kung ano ang kanilang natutuhan.



45-60 minuto

Para sa mga trainer na may 45 hanggang 60 minuto para magturo, ang mas mahahabang module ay nagbibigay ng mas kumpletong training para sa isang grupo ng mga trainee sa isang workshop o klase.

Ang bawat module ay sumasagot sa isa sa mga mahahalagang paksa na ito: Introduksyon sa Internet, WhatsApp, YouTube, Google, Wikipedia, Facebook, Kaligtasan sa Online, Mobile Money, KaiOS, Android, Ayoba, Mga Feature ng Accessibility at TikTok. Laman ng bawat sesyon ang pagtalakay sa ligtas na paggamit ng internet at ang kaakibat na gastos sa paggamit ng mobile internet. Inirerekomenda naming magsimula sa pinakabatayang pagsasanay, gaya ng Introduksyon sa Internet, at magpatuloy sa mas detalyadong modules kung may sapat na oras ang inyong sesyon.

Maiikling Pagsasanay

2-3 minuto

Paano gamitin ang maiikling pagasasanay

Ang seksyong ito ay para sa mga tagapagsanay na mayroon lamang dalawa hanggang tatlong minuto kasama ang kanilang mga trainee. Maaari ring magamit ito bilang pagbabalik-aral para sa mga trainee na tapos na sa pagsasanay ngunit nais balikan ang natutunan nila.

Tig-iisang paksa ang tinatalakay sa bawat sesyon. Maraming paksa ang maaaring pagpipilian: Introduksyon sa Internet, WhatsApp, YouTube, Google, Wikipedia, Facebook, Kaligtasan, Gastos, Mobile Money, Android, Mga Feature ng Accessibility at TikTok. Ang bawat sesyon ay nakatuon sa pagpapaliwanag ng serbisyo at pagsasanay gamit ang mobile phone.

May parehong sinusunod na istruktura ang maiikling pagsasanay:

Ano ito?

Pagbibigay ng maikling paliwanag sa serbisyo. Iminumungkahi ng mga **“Panipi”** kung ano ang maaaring sabihin ng mga tagapagsanay.

Ano ang maaari mong paggamitan nito?

Maiksing ipaliwanag ang mga benepisyo ng serbisyo. Iminumungkahi ng mga **“Panipi”** kung ano ang maaaring sabihin ng mga tagapagsanay.

Paano ito gumagana?

Maging praktikal!

Gamitin ang mga poster na ‘Paano Gamitin’ para tulungan ang mga trainee na gamitin ang serbisyo sa isang phone. Maaaring isa sa binigay mo o sa sariling phone ng trainee.

Magsanay!

Magsanay, gamit ang mga halimbawa na makabuluhan sa target audience.

Masinsinang Pagsasanay

Paano idisenyo ang iyong pagsasanay

Ang mga ito ay mungkahi para sa pagpapatupad ng masinsinang pagsasanay.



Mga sesyon na may isang kasarian lang

Hatiin ang kalalakihan at kababaihan sa hiwalay na mga sesyon ng pagsasanay. Nagbibigay ito ng pantay-pantay na pagkakataon para sa praktikal na karanasan at espasyo upang tapat at malayang talakayin ang mga interes at alalahanin na may kinalaman sa kasarian.




Pagsanay sa maliit na pangkat

Hatiin ang mga trainee sa maliliit na pangkat na hindi hihigit sa anim na tao. Magtalaga ng isang tagapagsanay para suportahan ang bawat pangkat. Nagbibigay-daan ito sa mga trainee na magkaroon ng praktikal na karanasan at nagpapahintulot para sa peer-to-peer na pag-aaral at suporta.



Mga pangkat ng antas ng kasanayan


Pangkatin ang mga trainee kasama ng mga iba na may katulad na mga antas ng kaalaman at kasanayan. Mahalaga na ang mga trainee ay may katulad na antas ng kasanayan sa mga kasama sa kanilang pangkat upang mas maging interesado sila at makaramdam ng tiwala sa sarili. Huwag mag-atubiling ilipat ang mga trainee sa ibang grupo pagkatapos magsimula ang pagsasanay kung mapapansin na hindi magkapareho ang kanilang antas ng kasanayan sa mga kasama sa grupo.



Naka-share ng mga device

Kung wala silang sariling smartphone, magpahiram ng entry level na mga smartphone na may naka-load na data. Tiyakin na magkatulad ang mga phone (halimbawa, may parehong operating system) at may katulad na functionality. Binibigyang pagkakataon nito ang bawat isa na magpatuloy sa parehong mga hakbang sa pagsasanay at malampasan ang mga alalahanin tungkol sa paggamit ng personal na data o pagbabahagi ng personal na impormasyon. Mas mainam na hindi lalampas sa tatlong trainee ang gagamit ng isang device.

Mga Tip para sa mga Tagapagsanay



Magsimula sa mga batayang kaalaman

Bagaman maaaring pamilyar ang mga trainee sa ilang serbisyo ng internet, may mga kakulangan pa sila sa kanilang kaalaman.




Gawin itong simple

Gumamit ng maikli at hindi teknikal na mga paliwanag.




Gawin itong makabuluhan

Gamitin ang mga bagay na malapit sa puso ng mga trainee upang mapanatili ang kanilang interes.



Hikayating kumilos

Tiyaking nagkakaroon sila ng hands-on na karanasan gamit ang kanilang telepono.



Pahalagahan ang mga trainee

Magbigay ng simpleng papuri o positibong feedback upang mahikayat silang magpatuloy sa pagsasanay. Maaaring magbigay ng mga sertipiko sa mga trainee kung angkop sa sesyon ng iyong pagsasanay.



Makisalamuha sa mga trainee

Hikayatin ang pag-uusap sa pagitan ng mga trainee at kanilang tagapagsanay.

Paano gumamit ng masinsinang pagasasanay

Ito ay isang gabay sa masinsinang pagsasanay para sa mga tagapagsanay na mayroong 45-60 minuto kasama ang kanilang mga trainee.



45-60 minuto

Ito ay nagsisimula sa isang panimulang sesyon, na sinusundan ng mga sesyon ng pagsasanay na tumatalakay sa isang paksa: WhatsApp, YouTube, Google, Wikipedia, Facebook, Kaligtasan sa Online, Mobile Money, Android, Mga Feature ng Accessibility at TikTok. Laman ng bawat sesyon ang pagtalakay sa ligtas na paggamit ng internet at ang kaakibat na gastos sa paggamit ng mobile internet.

Bagama't ang bawat sesyon ay dinisenyong nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod, maaaring gamitin ang bawat isa nang hiwalay kung kinakailangan. Nangangahulugan itong may kalayaan kayong piliin ang mga sesyon na pinakaangkop sa pangangailangan ng inyong mga trainee. Kung hindi ma-access ang YouTube sa inyong lugar dahil sa limitadong koneksyon sa internet, maaari ninyo itong laktawan at gumamit ng ibang audio-visual na tool na mas kaunti ang gamit na data, tulad ng Google Image Search.

Ang mga larawan ng tao at mga halimbawa sa gabay na ito ay angkop sa konteksto ng India, partikular sa Maharashtra State. Kung nais ninyong gamitin ang gabay na ito sa ibang lugar, inirerekomenda naming magdagdag kayo ng mga sariling halimbawa at larawan ng mga tao na naaangkop sa inyong lokal na konteksto.

Checklist ng sesyon ng pagsasanay

Bago ang bawat training, siguraduhing may sapat kang oras para maghanda. Maglaan ng mas mahabang panahon sa pag-aayos ng mga cellphone—kadalasan, mas matagal ito kaysa sa inaasahan.

- Tiyaking kumpleto ang lahat ng materyales na kakailanganin mo para sa sesyon (tingnan ang mga kagamitang kailangan sa pahina ng overview ng bawat module).
- Tiyaking na-charge ang lahat ng mga phone.
- I-download at i-set up na ang lahat ng apps o services na gagamitin sa training.
- Tiyaking ang lahat ng numero na gagamitin mo ay naka-save sa lahat ng mga mobile phone na magagamit sa pagsasanay.
- Tanggalin muna ang personal na data tulad ng mga larawan, mensahe, at iba pa bago ipagamit ang cellphone sa mga trainee.
- Unawain ang nilalaman ng iyong pagsasanay.
- I-activate ang mobile internet sa lahat ng phone gamit ang mobile network provider (tandaan na maaaring tumagal ito ng ilang araw).
- Pangalanan ang iyong mga mobile phone. Lagyan ng palatandaan ang likod ng bawat mobile phone gamit ang pangalan at mobile numbe nito upang madaling makilala ito habang isinasagawa ang training.
- Suriin ang connectivity na iyong gagamitin – kung ito ba ay MiFi/Wi-Fi. Tiyaking gumagana ang mga ito at nakapag-sign in ang lahat ng phone.
- Mag-load ng data ng mobile internet sa lahat ng phone.

Binubuo ang masinsinang pagsasanay ng apat na pangunahing mga uri ng gawain:



Paliwanag:

Maikling paliwanag para ipakilala ang mga benepisyo ng serbisyo



Gawain:

Praktikal na mga pagsasanay gamit ang mga phone



Talakayan:

Upang hikayatin ang mga trainee na pag-isipan ang kahalagahan nito sa kanilang buhay



Pagbabalik-tanaw:

Para bigyang-diin ang bawat module